# PAGTATAG NG IYONG BAGONG KOMUNIDAD NA BABAHAGINAN

## MGA HAKBANG

### 1 PUMILI

Saan? Isang komunidad na malapit sa iyo na kailangang makakilala kay Jesus.



Sino? Isang taong mapagkakatiwalaan para ikonekta ka sa komunidad




Kasama si? Isang Timoteo na tatayo para magpalago.

### 2 IPANOOD

Ibahagi ang JESUS film sa grupo ng 10 o mas marami pa at imbitahin sila na bumalik para makilala pa si Jesus.







### 3 MAGSIMULA

Simulan ang pagtitipon sa komunidad na babahaginan gamit ang three – thirds 3/3 na proseso ng pagsasanay sa pagdidisipulo.

### 4 PALAGUIN

Pahayuhin ang iyong Timoteo para simulan ang kanyang sariling Komunidad ng Babahaginan.



## MAHAHALAGANG TERMINO

### TAONG MAPAGKAKATIWALAAN

Isang taong nirerespeto, espirituwal na interesado at nais imbitahin ang mga kaibigan at pamilya na panuorin ang *JESUS*. (Lucas 10:6)

### TIMOTEO

Isang mananampalataya na madaling turuan, tapat at handa para palaguin ang Komunidad na Babahaginan. (Timothy 2:2)

### KOMUNIDAD NA BABAHAGINAN

Isang espirituwal na komunidad na kasing dami ng isang malaking pamilya, na lumalago at kumikilos para magpadami sa pamamagitan ng pagsisimula ng bagong espirituwal na mga komunidad.

# 3/3 NA STRAKTURA SA PAGDIDISIPULO PARA SA PAGTITIPON NG KOMUNIDAD NA BABAHAGINAN

## Pagbabalik-tanaw

Ang PAGBABALIK-tanaw ay nangangahulugang pagtatatag ng komunidad sa pamamagitan ng pagmamalasakit sa isa't-isa habang ipinagdiriwang ang katapatan ng Diyos at ang paglago ng bawat isa.

**Magmalasakit**

Magpatotoo sa iyong buhay (problema sa kalusugan, pamilya, pinansyal, espirituwal na pangangailangan, isports, atbp.)

**Magpuri**

Sa pamamagitan ng pagkanta, pagtugtog, pagsayaw o pagpapatotoo

**Magpahayag ng Bisyon**

Ibahagi kung paano ka magiging mas mabuting tagasunod ni Jesus at anong magagawa ng komunidad mo para maabot ang iba para kay Cristo.

**Panatilihin ang Pananagutan**

Ibahagi kung paano mo sinusunod ang Salita at nagdidisipulo.

## Pagtunghay

Ang pagTUNGHAY ay nangangahulugang pakikinig sa Diyos ng sama-sama. Gamit ang iyong tablet o selpon, panoorin ang susunod na bahagi mula sa JESUS Film at talakayin ito.

**MGA HAKBANG**

1. **Ipanood:** Panoorin ang bahagi ng dalawang beses. × 2
2. **Ibahagi:** Hilingin ang isang miyembro ng grupo na ikuwento ang istorya ng bahagi sa sarili niyang salita.
3. **Kumpletuhin:** Hayaan ang grupo na magdagdag kung may kulang sa istorya o itama kung may mali man.
4. **Talakayin:**
   - Ano ang pinakanagustuhan mo sa istorya?
   - Ano ang matututunan natin tungkol sa Diyos sa bahagi na ito?
   - Ano ang matututunan natin tungkol sa sa sangkatauhan sa bahagi na ito?
   - Mayroon  bang prinsipyo o utos na dapat nating sundin?
   - Mayroon bang kasalanang dapat nating iwasan?
   - Mayroon bang halimbawa na dapat nating tularan?

## Pag-usad

Ang Pag-USAD ay nangangahulugang paghahanda para sa misyon sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng aralin, pagsasanay ng istorya at pananalangin ng sama-sama.

**Isabuhay**

- Ibahagi sa grupo kung ano ang pinaniniwalaan mong nais ng Diyos na dapat mong pagtugon sa natutunan natin ngayong araw.
- Isipin kung sinong tao sa inyong komunidad ang nangangailangang makarinig ng istoryang ito.

**Sanayin**

- Pagbabahagi ng istorya sa bawat isa.

**Imbitahan**

- Ibahagi ang istorya ngayon sa ibang tao at imbitahan silang pumunta sa susunod ninyong pagtitipon.

**Manalangin**

- Pasalamatan ang Diyos sa natutunan natin ngayong araw.
- Ipanalangin ang kapwa sa inyong komunidad.
- Ipanalangin ang bawat isa sa inyong grupo.